# Pagbubuo ng Pagkakalapit (Attachment)

## Ano ang attachment?

Ang malapit na ugnayan sa pagitan ng isang sanggol at kanilang mga tagapagbigay ng pangangalaga. Ang ugnayang ito ay nabubuo sa loob ng maagang mga taon ng buhay ng iyong anak. Ito ay mas lumalakas tuwing nagpapakita ka sa iyong sanggol ng pagmamahal, atensiyon at hindi pagbabago.

Ang isang malusog na pagkakalapit ay mahalaga sa pagtataguyod ng habang-buhay na kalusugan ng iyong sanggol. Itinuturo nito sa iyong sanggol na siya ay ligtas at minamahal. Habang siya ay lumalaki, tinutulungan siya nito na magkaroon ng mabuting pang-emosyonal at pangkaisipang kalusugan, bumuo ng matatag na ugnayan, at magkaroon ng kumpiyansa na galugarin ang mundo sa paligid niya.

Tuwing tumutugon ka sa mga pangangailangan ng iyong sanggol sa isang masigla at pare-parehong paraan, bumubuo ka ng pagkakalapit. Halimbawa, kung niyayakap at pinakakalma mo siya tuwing siya ay umiiyak, ipinapakita mo sa kanya na maaari siyang umasa sa iyo para sa ginhawa.

Matuto nang higit pa tungkol sa kung paano maitataguyod ang kalusugan ng iyong sanggol sa pamamagitan ng masigla at pare-parehong mga pagtugon sa Pag-unlad ng Utak.

## ALAM MO BA

Ang balat-sa-balat na kontak ay isang mahusay na paraan upang bumuo ng emosyonal na ugnayan sa iyong sanggol. Ito ay nagpapahinahon at nagpapaginhawa sa kanya, at maaari pang gawing mas madali ang pagpapasuso.



## PAANO
### Bumuo ng isang malusog na pagkakalapit sa iyong sanggol

- Makinig, manuod at subukang unawain kung paano niya ipinapaalam ang kanyang mga pangangailangan.
- Tumugon sa kanyang mga pangangailangan sa isang **mapagmahal na** paraan.
- Tumugon sa kanyang mga pangangailangan **nang mabilis** hangga't maaari.
- Tumugon sa kanyang mga pangangailangan sa isang **hindi nagbabagong** paraan.
- Yakapin, ngumiti at kausapin ang iyong sanggol nang madalas.

## ALAM MO BA

Habang ang mga sanggol ay kadalasang pinakamalapit na nalalapit sa mga magulang, maaari din silang magkaroon ng malusog na pagkakalapit sa ibang mga may sapat na gulang, kabilang ang mga lolo't lola at tagapagbigay ng pangangalaga sa bata sa araw. Kung ang iyong sanggol ay nakikipag-ugnayan sa iba, hindi ito nangangahulugan na magkakaroon siya ng isang mas mahinang ugnayan sa iyo.